Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Resipi at Patalastas

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ang mga pahayag na nanghihikayat at nagbibigay ng kaalaman sa mga tao patungkol sa isang produkto o serbisyo ay tinatawag na ________.
   a. patalastas b. resipi c. simuno d. panaguri
2. Ang paraan o mga hakbang upang mailuto nang maayos ang isang pagkain ay tinatawag na _______.
   a. adobo b. sangkap c. resipi d. talaan
3. Paraan ng pagbibigay ng anunsiyo o impormasyon tungkol sa isang produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng komunikasyong pangmadla.
   a. patalastas b. resipi c. simuno d. panaguri
4. Sa _________ nakasaad ang mga sangkap at hakbang kung paano iluluto ang isang pagkain.
   a. patalastas b. resipi c. simuno d. panaguri
5. Sa panahon ngayon ay usong-uso ang __________ na nagtitinda ng mga pagkain.
   a. Resipi b. online selling c. bulletin board d. patalastas

II. **Panuto:** Gamit ang pahiwatig sa bawat pangungusap, ibigay ang kahulugan ng mga salitang nakasalungguhit. Tukuyin ang kahulugan nito at isulat ang letra sa patlang.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. maliit na kutsara | b. pantay | c. mga gagamitin | d. dinikdik | e. labindalawa | |
| f. pino | g. lutuin | h. nilagyan | i. idiin | j. pantakip | k. paghiwalayin |

_______ 1. Inihanda ni Nanay ang mga <u>sangkap</u> na gagamitin niya sa pagluluto.
_______ 2. Ginamit ni Tiya ang <u>kutsarita</u> para kay bunso dahil maliit pa ang bibig nito.
_______ 3. "<u>Salain</u> mo nga ang buko upang hindi magsama ang laman at sabaw," ang utos ni Inay sa akin.
_______ 4. Plastik ang <u>ipinambalot</u> ni Ricky sa kanyang libro.
_______ 5. Ang suman ay <u>binudburan</u> ng asukal upang tumamis.
_______ 6. Malapit nang dumating ang mga bisita kaya <u>isinalang</u> na ang mga ulam.
_______ 7. Mas madali magsulat sa <u>patag</u> na lugar.
_______ 8. Kailangang <u>pitpitin</u> ang asukalupang magkasya ito sa lalagyan.
_______ 9. Bago magsimulang magluto ay <u>dinurog</u> na niya ang paminta.
_______ 10. Isang <u>dosena</u> ang binili kong itlog.